



## Lungsod at County ng San Francisco

Local Homeless Coordinating Board (Lokal na Lupon na Nag-uugnay para sa Walang Tirahan) at Department of Homelessness and Supportive Housing (Kagawaran para sa Walang Tirahan at Sumusuportang Pabahay)

# Coordinated Entry Redesign Implementation Committee (Komite ng Pagpapatupad sa Muling Pagdisenyo ng Pinag-uugnay-ugnay na Ingklusyon)

## KASAYSAYAN

**Muling Pagdisenyo sa Pinag-uugnay-ugnay na Ingklusyon:** Noong Mayo 2023, inanunsyo ng Local Homeless Coordinating Board (LHCB) at ng Department of Homelessness and Supportive Housing (HSH) ang "Imbitasyon para Mag-apply" para sa bago, boluntaryo, maraming stakeholder na grupo, na tinutukoy bilang **Coordinated Entry (CE) Redesign Implementation Committee**. Binuo ang komite mula sa gawain ng Coordinated Entry Redesign Workgroup (CERW) at makikipagtulungan upang ipatupad ang [mga rekomendasyon](#) ng CERW. Inuuna ng komiteng ito ang ingklusyon ng mga indibidwal na kumakatawan sa mga grupong pinakanaaapektuhan ng kawalan ng tirahan sa San Francisco – mga indibidwal na Itim/Aprikano, Latinx, Asyano, LGBTQ, Transgender at Hindi Kumukumporme sa Kasarian, at nakikipag-ugnayan o humihingi ng access sa CE. Isang pabalat na liham at ang kasamang polyeto ang malawakang ipinamahagi at nagsagawa ng kasunod na may pinagtutuunang pakikipag-ugnayan upang matiyak ang pakikibahagi ng malawakang komunidad para sa ingklusibong representasyon.

### Isinaalang-alang ng LHCB ang mga pangunahing salik na ito para sa pagpili ng miyembro:

- Kumakatawan sa **naranasang kadalubhasaan sa kawalan ng tirahan** at mga populasyon na ayon sa kasaysayan na kulang ng representasyon, partikular na ang mga Itim/Aprikano, Latinx, Asyano, Katutubo, LGBTQ, at Transgender at Hindi Kumukumporme sa Kasarian (TGNC)
- Kumakatawan sa **mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan**, kabilang ang Safe Housing Working Group
- Kumakatawan sa **mga beterano** at/o mga pamilyar sa CE para sa mga beterano
- Kumakatawan sa mga taong may karanasan mismo sa **sistema ng batas para sa krimen** at/o karanasan sa pagkakaloob ng mga serbisyo para sa mga sangkot sa sistema ng batas para sa krimen
- Kumakatawan para sa mga **nasa edad** na 18-29, 30-49, at 50 at pataas
- Kumakatawan sa mga indibidwal na nakikipagtulungan sa mga komunidad na ang **pangunahing wika** ay hindi Ingles
- Kumakatawan sa mga taong may **mga kapansanan**
- Kumakatawan sa **katuwang sa komunidad** tulad ng Access Point Provider at/o lokal na ahensya (hal., tagapagkaloob sa pabahay, tagapagkaloob ng masisilungan, mga kawani sa pakikipag-ugnayan at kalusugan ng pag-uugali) sa San Francisco, at sa ilang pangheograpiyang lokasyon tulad ng Bayview Hunters Point

### Naghirang din ang HSH ng mga Kawani ng Lungsod/County upang magsilbi bilang mga eksperto sa paksa:

- 1 Kawani sa Human Services Agency (Ahensya ng mga Serbisyong Pantao)
- 2 Kawani ng Department of Public Health (Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan)



Ang mga miyembrong ito, kasama ang mga kawani mula sa HSH, ay magiging bahagi ng CE Redesign Implementation Committee. Nasa ibaba ang buod ng mga aplikasyon ng miyembro ng komunidad na magreresulta sa bukas na imbitasyon at pinagtutuunang pakikipag-ugnayan. Kasunod nito ay mga datos sa bumubuo sa demograpiya, naranasang kadalubhasaan, at iba pang mga kasanayan at karanasan.

## PAGBIBIGAY-DIIN SA EKIDAD AT INGKLUSYON

Sa unang panahon ng imbitasyon, nakatanggap ng **kabuuang (55) aplikasyon ng miyembro ng komunidad:**

- **51%** (28 sa 55) naghahatid ng kadalubhasaan sa kawalan ng tirahan (sa kasalukuyan o nakaraan)
- **67%** may karanasan sa Adult Coordinated Entry; **27%** sa Family Coordinated Entry; **24%** may karanasan sa Coordinated Entry for Youth; **35%** nakaranas ng karahasan sa tahanan; **44%** may karanasan sa sistema ng batas para sa krimen; **16%** ay naging bahagi ng Coordinated Entry Redesign Workgroup; at **27%** naghahatid ng iba pang karanasan (*nadobleng bilang*).

Isang grupo ng **(24) na miyembro ng komunidad** ang pinili para sa unang pagrerepaso at pinagtutuunang pakikipag-ugnayan:

- **71%** (17 sa 24) maghahatid ng naranasang kadalubhasaan sa kawalan ng tirahan; **29%** (7 sa 24) ay nakaligtas sa karahasan sa tahanan/Safe Housing
- **33%** (8 sa 24) aplikante ang tatanggap ng insentibong pera para sa kanilang mahalagang kontribusyon
- Kasama sa representasyon ang Adult Coordinated Entry; Family Coordinated Entry; Coordinated Entry for Youth; mga tagapagkaloob ng pabahay at serbisyong panlipunan; Itim, Katutubo, at mga indibidwal na hindi puti (BIPOC); mga komunidad na LGBTQ at TGNC; beterano; at dating karanasan sa disenyo ng mga sistema ng Coordinated Entry

## MGA MIYEMBRO NG COORDINATED ENTRY REDESIGN IMPLEMENTATION COMMITTEE (KOMITE NG PAGPAPATUPAD SA MULING PAGDISENYO NG PINAG-UGNAY-UGNAY NA INGKLUSYON)

Ipiniprisinta ng LHCBC Coordinated Entry Committee ang **(27) kabuuang miyembro para sa CE Redesign:**


- **(25) tagalabas na miyembro ng komunidad** na may iba't ibang pinagmulan na maghahatid ng kanilang kaalaman at karanasan, kabilang ang Tagapangulo ng LHCBC CE Committee
- **(2) Mga kawani ng Lungsod/County:** (1) kawani na kumakatawan sa Human Services Agency (Ahensya ng mga Serbisyong Pantao) at (1) kawani na kumakatawan sa Department of Public Health (Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan); maglalagay rin ang HSH ng mga kawani at sasali sa komite

Mahalagang tandaan na magkakaroon ng mga oportunidad para sa nagpapatuloy na feedback mula sa komunidad at mga katuwang sa pagtugon sa walang tirahan sa buong proseso ng CE redesign.



## DEMOGRAPIYA NG (55) APLIKASYON NG MIYEMBRO NG KOMUNIDAD

### Edad




### Kasarian

Ang mga aplikanteng tinutukoy ang sarili bilang babae ay binubuo ng **56%** kumpara sa mga aplikanteng tinutukoy ang sarili bilang lalaki na **25%**; **13%** ng mga aplikante ay tinutukoy ang sarili bilang genderqueer/gender non-binary, at **4%** ay tinutukoy ang sarili bilang transgender


### Sekswal na Oryentasyon

**49%** tinutukoy ang sarili bilang Heterosekswal  
**29%** tinutukoy ang sarili bilang Gay/Lesbian/Queer  
**13%** tinutukoy ang sarili bilang Bisexswal  
**9%** mas gustong huwag itong sagutin

### Lahi




### Etnisidad




DEMOGRAPIYA NG (24) NA PINILING MIYEMBRO NG KOMUNIDAD


*Lahi*



*Etnisidad*



*Edad*



*Kasarian*

**62%** tinutukoy ang sarili bilang babae  
**13%** tinutukoy ang sarili bilang Genderqueer/ Gender Non-Binary  
**21%** ay tinutukoy ang sarili bilang Lalaki  
**4%** ay tinutukoy ang sarili bilang Transgender

*Sekswal na Oryentasyon*

**50%** tinutukoy ang sarili bilang Heterosekswal  
**33%** tinutukoy ang sarili bilang Gay/Lesbian/Queer  
**4%** tinutukoy ang sarili bilang Bisekswal



**KABUJAN NG BUMUBUO SA CE REDESIGN IMPLEMENTATION COMMITTEE KABILANG ANG TAGAPANGULO NG LHCB**

Kabilang sa datos ang Tagapangulo ng LHCB, mga kawani na hinirang ng Lungsod/County ng San Francisco, at mga miyembro ng komunidad:

- **27%** Kumakatawan sa karanasan sa/o pag-access sa Family Coordinated Entry
- **27%** Kumakatawan sa karanasan sa Coordinated Entry for Youth
- **62%** Kumakatawan sa karanasan sa Adult Coordinated Entry
- **31%** Kumakarawan sa karanasan sa karahasan sa tahanan o Safe Housing Working Group
- **27%** Kumakatawan sa pagkakasangkot sa sistema ng batas para sa krimen
- **23%** Kumakatawan sa Coordinated Entry Redesign Workgroup

*\*Dinoble ang bilang*




**69%** ng CE Redesign Implementation Committee ay maghahatid ng naranasang kadalubhasan





Kasama sa mga kalahok na ahensya ang 3<sup>rd</sup> Street Youth Center & Clinic, Catholic Charities, Coalition on Homelessness, Compass Family Services, Delivering Innovation in Supportive Housing, Episcopal Community Services, Felton Institute, Hamilton Families, Heluna Health/SF Homeless Outreach Team, Homeless Prenatal Program, Homeless Youth Alliance, HomeRise, Larkin Street Youth Services, Mercy Housing, SF LGBT Center, SF Pretrial Diversion, SF VA Health Care System, St. James Infirmary Taimon Booton Navigation Center, at UCSF Citywide

*Lahi*



*Etnisidad*





*Kasarian*

**62%** tinutukoy ang sarili bilang babae  
**12%** tinutukoy ang sarili bilang Genderqueer/Gender Non-Binary  
**19%** ay tinutukoy ang sarili bilang Lalaki  
**8%** ay tinutukoy ang sarili bilang Transgender

*Sekswal na Oryentasyon*

**50%** tinutukoy ang sarili bilang Heterosekswal  
**33%** tinutukoy ang sarili bilang Gay/Lesbian/Queer  
**4%** tinutukoy ang sarili bilang Bisekswal

**COORDINATED ENTRY REDESIGN IMPLEMENTATION COMMITTEE (KOMITE NG PAGPAPATUPAD SA MULING PAGDISENYO NG PINAG-UGNAY-UGNAY NA INGKLUSYON) – KARAGDAGANG IMPORMASYON**

- Sinimulan ng CE Redesign Implementation Committee ang pagpupulong sa Agosto 10 at magdaraos ng mga regular na pagpupulong (kada makalawang linggo sa kasalukuyan ngunit malamang na gawing kada buwan).
- Magbabahagi ang Committee ng mga update at magdaraos ng mga pangkomunidad na diskusyon sa iba pang mga grupo ng pagpapalano, adbokasiya, at provider sa San Francisco Homeless Response System (HRS, Sistema ng Pagtugon sa Walang Tirahan)
- Ang mga kagamitan sa pagpupulong ay ipapaskil sa websita ng HSH [Homepage ng CE Redesign](#)
- Para sa mga tanong at komento, mangyaring mag-email sa: [HSHCoordinatedEntryReDesign@sfgov.org](mailto:HSHCoordinatedEntryReDesign@sfgov.org)

